Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG BIYERNES, IKA-7 NG ABRIL, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO | - Pang. Punong-lungsod, Namuno |
| 2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA | - Kagawad |
| 3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO | - Kagawad |
| 4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA | - Kagawad |
| 5. Kgg. RAUL P. AALA | - Kagawad |
| 6. Kgg. ARTURO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 7. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ | - Kagawad |
| 8. Kgg. ANTONIA T. LASERNA | - Kagawad |
| 9. Kgg. ROY M. GONZALES | - Kagawad |
| 10. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN | - Kagawad |
| 11. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA | - Kagawad |

Di-Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. ROMEO P. AALA | - Kagawad |
| 2. Kgg. AIZEL B. ALIPON | - Kagawad |

****************

## KAPASIYAHAN BLG. 87-2006

(Sa mungkahi ni Kgg. Factoriza na pinangalawahan ni Kgg. Gomez)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PUNONG-LUNGSOD NA MAPAGLAANAN AT MAISAKATUPARAN ANG PAGKAKALOOB NG BUWANANG "ALLOWANCE" SA LAHAT NG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BARANGAY SA LUNGSOD NG SANTA ROSA.

YAYAMANG, inaasahang malaking tulong sa lahat ng nanunungkulang Kagawad ng Sangguniang Barangay kung sila ay mapagkakalooban ng buwanang "*allowance*";

YAYAMANG, upang maging matibay ang basihang legal ay iminungkahi din ang pagkakaloob ng buwanang "*allowance*" sa halagang DALAWANG LIBO LIMANG DAANG PISO (P2,500.00) ay pagtibayin bilang isang Kautusan upang siyang maging legal na basihan ng gastusin ng Pamahalaang Lungsod;

KAYA'T, sa pamamagitan ng Kapasiyahang ito ay:

OFFICE OF THE CITY MAYOR
RECEIVED
BY:
DATE: 4-17-06
CITY OF SANTA ROSA, LAGUNA
9:30 am

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**



IPINASISIYA, tulad ng dito'y IPINASIYA ang pagkakaloob ng buwanang "*allowance*" sa mga Kagawad ng Sangguniang Barangay.

IPINASIYA DIN, ang pagpapatibay ng isang Kautusan na siyang magiging basihang legal (legal basis) ng gastusin ng Pamahalaang Lungsod.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**
Pangalawang Punong-lungsod

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-7 ng Abril, 2006.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Kalihim Panlungsod